

# Pamplet para sa mga Botante sa Wikang Tagalog Pangunahing Halalan sa Oregon

Mayo 19, 2026

***Opisyal na paglalathala***

*Ito ang inyong opisyal na Pamplet para sa mga Botante sa Pangunahing Halalan sa 2026. Layunin nitong tulungan kayo sa pagboto sa pamamagitan ng mga balotang ipapadala sa koreo. Ipapadala ang mga balota sa mga rehistradong botante simula Abril 29.*

*Kasama sa pamplet na ito ang mga huling araw ng gawaing panghalalan, impormasyon sa rehistrasyon ng botante, mga karapatan ninyo bilang botante ng Oregon, mga pahayag tungkol sa kandidato, at impormasyon ukol sa panukalang-batas.*

**Tobias Read**

**Kalihim ng Estado ng Oregon**

vote!

**Oregon Secretary of State**
Tobias Read

Minamahal na mga Botante ng Oregon,

Dalawang daan at limampung taon na ang nakalipas, 13 kolonya ng Amerika ang lumaban para sa karapatang pumili ng sarili nilang mga pinuno. Simula noon, sinikap nating magtatag ng isang bansa kung saan ang "kalayaan at katarungan para sa lahat" ay higit pa sa isang mithiin lamang sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kalayaang bumoto para sa lahat ng mamamayan. Sa tuwing nagagawa nating mapabilang ang mas maraming mamamayan sa proseso, humahakbang ang ating bansa papalapit sa layuning iyon na isang mas perpektong pagkakaisa. Sa pagsumite ninyo ng inyong balota, iginagalang ninyo ang dakilang pamanang ito ng Amerika. Pinagtitibay nito ang inyong karapatang magpasya para sa ating kolektibong kinabukasan at panagutin ang inyong pamahalaan. **Ang inyong boto ay kapangyarihan ninyo bilang taga-Oregon at Amerikano. Salamat sa paggamit nito.**

Ligtas at madali ang pagboto sa Oregon. Narito ang paraan upang matiyak na mabibilang ang inyong boto:

- Punan nang tama ang inyong balota: basahing mabuti ang mga tagubilin at ganap na punan ang inyong napili.
- Lagdaan ang inyong sobre ng balota: dapat tumugma ang inyong lagda sa ginamit ninyo noong kayo ay magrehistro para makaboto o sa DMV.
- Ibalik ang inyong balota sa tamang oras: ipadala ito sa koreo, o mas mabuti pa, gumamit ng ligtas na drop box (oregonvotes.gov/dropbox). Maaari din kayong bumoto nang personal sa opisina ng kawani ng inyong county. Kailangang namarkahan ng koreo ang inyong mga balota bago mag-8 P.M. ng Mayo 19, 2026.

  *PAGBABAGO SA 2026: Dahil sa mga pagkaantala sa USPS, kung hindi niyo pa naipapadala sa koreo ang inyong balota nang hindi bababa sa 7 araw bago ang Araw ng Halalan, gamitin ang drop box o direktang pumunta sa post office at humiling ng marka ng koreo bago ninyo ito ilagay sa kahon para sa pagkolekta.*

- Pagsubaybay sa inyong balota: tingnan kung kailan ito ipinadala sa inyo at natanggap ng kawani ng inyong county, sa oregonvotes.gov/myvote.

At kapag naisumite na ninyo ang inyong balota, mapagkakatiwalaan ninyo ang sistemang nagbibilang nito. Ang mga halalan sa Oregon ay kabilang sa pinakaligtas at

pinakatransparent sa bansa. Ang mga listahan ng botante ay ina-update araw-araw. Ang mga makinang nagbibilang ng boto ay sertipikado, naka-lock down, at hindi kailanman nakakonekta sa internet. Sinsubukan sa publiko ng mga county ang mga sistema para sa kabuuan ng boto bago at pagkatapos ng bawat halalan. Ang bawat balota ay may natatanging identifier, at bineberipika ang bawat lagda. Kung magkaroon man ng pag-aalinlangan tungkol sa hangarin ng botante, ang mga sinanay na tagasuri mula sa magkakaibang partidong pampolitika ay kailangang magkasundo sa resulta. At pagkatapos ng halalan, ang mga balota ay iniingatan at ina-awdit ng mga county. Ganyan ipinamamalas ang pananagutan, at nakapaloob ito sa bawat hakbang ng ating proseso.

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa mga halalan sa Oregon, asahan ang mga mapagkakatiwalaang mapagkukunan: ang tanggapan ng Kalihim ng Estado (oregonvotes.gov) o kawani ng inyong county (oregonvotes.gov/counties).

**Ngayong taon, mahalaga higit kailanman ang inyong boses. Manindigan para sa Oregon at sa Amerika na inyong pinagkakatiwalaan. Bigyang-pugay ang mga henerasyong ipinaglaban ang karapatang ito. Magplano kayong bumoto. Isumite ang inyong balota. At gamitin ang inyong kapangyarihan.**

Taos-pusong sumasainyo,



Tobias Read

Kalihim ng Estado ng Oregon

I-scan ang QR Code para bisitahin ang oregonvotes.gov

# Mga Pagsasalin ng Pamplet para sa mga Botante

## Ginagawang Madali ang Paraan ng Pagboto

*ORS 251.026, ORS 251.167, ORS 251.170, ORS 251.173 at ORS 251.315*

Noong 2021, ipinasa ng Lehislatura ng Oregon ang Panukalang-batas sa Pag-akses sa Wika para sa mga Botante (HB 3021) na nag-aatas sa Kalihim ng Estado na isalin ang ilang bahagi ng mga pamplet para sa mga botante ng estado at county sa mga pinakakaraniwang sinasalitang wika sa Oregon. Layunin ng batas na alisin ang mga hadlang sa pagboto para sa mga hindi ganap na bihasa sa wikang Ingles.

Upang makatulong sa gawaing ito, nilikha ang Konseho ng Mga Tagapayo tungkol sa Pagsasalin. Ang Konseho ay binubuo ng mga boluntaryong miyembro ng komunidad na kumakatawan sa pagkakaiba-iba ng etniko, wika, at kultura ng mga botante sa Oregon. Tinitiyak ng mga miyembro ng konseho na ang mga propesyonal na pagsasalin ay tumpak at napananatili ang orihinal na diwa at kahulugan sa paraang angkop sa kultura.

Ang mga piling bahagi ng Pamplet para sa mga Botante ng Estado ay mababasa sa Arabic, Simplified at Traditional Chinese, Farsi, French, German, Iu Mien, Japanese, Khmer, Korean, Marshallese, Nepali, Russian, Somali, Spanish, Tagalog, Thai, Ukrainian, at Vietnamese.

Para malaman ang higit pa hinggil sa Konseho ng Mga Tagapayo tungkol sa Pagsasalin, bisitahin ang Oregon.gov/languages

## Para sa mga tanong tungkol sa:

- pagrehistro para makaboto
- pag-update ng iyong rehistrasyon
- halalan at pagboto
- pagkumpleto ng iyong balota
- pagbabalik ng iyong balota
- mga balota para sa pagboto nang nakaliban
- mga pamalit na balota
- mga kinakailangang lagda

Makipag-ugnayan sa iyong Tanggapan para sa Halalang Pang-county.

# Mga Petsang Dapat Tandaan




➔ **Martes, Abril 28**

Huling araw upang mag-rehistro para makaboto o baguhin ang kaalyadong partidong pampolitika para sa halalang ito.

➔ **Miyerkules, Abril 29**


Unang araw para sa mga county na magpadala ng mga balota sa koreo.




➔ **Martes, Mayo 19**

Araw ng Halalan
Huling araw para ibalik ang iyong balota.
Kung ipapadala mo sa koreo ang iyong balota, dapat ay mayroon itong USPS na marka ng koreo bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan. O ibalik ang iyong balota sa isang opisyal na drop box bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan.

---




**Oregonvotes.gov/myvote**

Gamitin ang online tool na ito upang suriin o i-update ang iyong katayuan sa rehistrasyon at subaybayan ang iyong balota.

# Labag sa batas ang:

- ➔ lagdaan ang isang sobre para sa pagbalik ng balota na hindi sa iyo
- ➔ bumoto ng higit sa isang beses sa isang halalan o magsumite ng dinayang balota
- ➔ magsumite ng balota kung hindi ka legal na kwalipikadong gawin ito
- ➔ impluwensiyahan ang ibang botante na bumoto sa isang partikular na paraan
- ➔ magbenta, mag-alok na magbenta, bumili, o mag-alok na bumili ng balota ng ibang botante
- ➔ hadlangan ang pasukan ng isang gusali kung saan matatagpuan ang booth para sa pagboto o opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- ➔ sirain ang anyo, alisin, baguhin, o wasakin ang balota ng ibang botante, isang nakapaskil na paunawa tungkol sa halalan, o mga kagamitan o suplay para sa halalan
- ➔ subukang mangolekta ng mga hinulog na balota sa loob ng 100 talampakan mula sa isang opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- ➔ magtatag ng isang lugar ng drop box nang hindi nagpapakita ng sign na nagsasabing “Not An Official Ballot Drop Site” (Hindi Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota)

*Hindi lahat ay nasasaklaw ng listahang ito. Anumang mga paglabag sa mga batas o tuntunin na panghalalan ng Oregon ay napapailalim sa sibil at/o kriminal na mga parusa.*

---

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon o kung sa tingin mo ay nalabag ang iyong mga karapatan bilang isang botante

[oregonvotes.gov](oregonvotes.gov)

**1 866 673 8683**
*se habla español*

**TTY** **1 800 735 2900**
*para sa mga may kapansanan sa pandinig*

# Alamin ang Iyong Mga Karapatan – Kaligtasan sa Lugar ng Drop Box

## Kabilang sa iyong mga karapatan bilang Botante ng Oregon ang:

- ➔ karapatang **ma-akses ang mga opisyal na kahon ng balota at mga tanggapan para sa pangangasiwa ng halalan** nang walang hadlang
- ➔ karapatang **panatilihing pribado ang iyong boto**
- ➔ karapatang **bumoto nang walang pananakot o pagbabanta**

## Maaaring kabilang sa Pananakot sa Botante ang:

- ➔ **Mga tanong na agresibo o nakakapanligalig** tungkol sa kung kwalipikado kang bumoto na naglalayong humadlang sa iyong karapatang bumoto, takutin ka na bumoto sa isang partikular na paraan o takutin ka para huwag bumoto, tulad ng mga tanong tungkol sa iyong katayuan sa pagkamamamayan, kriminal na rekord, paninirahan, iba pang personal na impormasyon, o mga tanong kung paano mo nilalayong bumoto.
- ➔ **Mga di-totoo o nakakapanlinlang na pahayag o pag-aakusa** tungkol sa pandaraya ng botante o nauugnay na mga parusang kriminal, na naglalayong takutin ka para hindi bumoto.
- ➔ **Mga berbal o pisikal na pagbabanta** – hayag man o ipinahiwatig – na naglalayong pigilan ka sa pagboto o pilitin kang bumoto sa isang partikular na kandidato o panukalang-batas.
- ➔ **Sinasadyang pagharang o paghadlang** sa iyong kakayahang bumoto.
- ➔ **Naka-target na pagmamatyag** ng mga partikular na botante o grupo ng mga botante, tulad ng pagsunod o pagsubaybay sa mga botante, pagkopya ng mga plaka ng lisensya, pagkuha ng video o litrato, atbp., na naglalayong himukin silang huwag bumoto o hadlangan sila sa pagboto.

Para sa tumpak na impormasyon tungkol sa pagboto, o para mag-report ng pananakot sa botante

**1 866 673 8683**
*se habla español*

**TTY** **1 800 735 2900**
*para sa mga may kapansanan sa pandinig*

# Mga Madalas Itanong

## Saan ako boboto?

Sa Oregon, bumoboto tayo sa pamamagitan ng koreo. Maaari kang bumoto kahit saan na mapili mo.

Kung rehistrado ka para makaboto pagsapit ng **Abril 28**, ang iyong balota ay ipapadala sa koreo sa pagitan ng **Abril 29** at **Mayo 5**. Ipapadala ito ng iyong tanggapan para sa halalang pang-county sa address sa iyong rekord ng rehistrasyon ng botante.

Kung hindi mo matanggap ang iyong balota pagsapit ng **Mayo 8**, tawagan ang iyong tanggapan para sa halalang pang-county.

## Paano kung lumipat na ako ng tirahan?

Hindi maipapadala ang mga balota. Upang matanggap ang iyong balota, i-update ang iyong impormasyon para sa rehistrayon ng botante sa **oregonvotes.gov/myvote**.

Kung ang Araw ng Halalan ay sa loob ng wala pang 5 araw, tawagan ang iyong tanggapan para sa halalang pang-county para sa mga tagubilin kung paano kunin ang iyong balota.

## Paano ko makukuha nang maaga ang aking balota?

Kung wala ka sa iyong bahay sa Araw ng Halalan, i-update ang iyong impormasyon para sa rehistrasyon ng botante sa **oregonvotes.gov/myvote**. Upang humiling ng balota para sa pagboto nang nakaliban, ilagay ang iyong address para sa koreo bilang botanteng nakaliban at kung gaano ka katagal maglalagi sa address na iyan.

## Isinalin ba sa ibang mga wika ang Pamplet para sa mga Botante?

Oo. Ang ilang bahagi ng Pamplet para sa mga Botante ay makikita online sa wikang: Arabic, Simplified & Traditional Chinese, Farsi, French, German, Iu Mien, Japanese,

Khmer, Korean, Marshallese, Nepali, Russian, Somali, Spanish, Tagalog, Thai, Ukrainian, at Vietnamese.

Makikita mo ang mga pagsasaling ito online sa: **oregonvotes.gov/voterspamphlet**.

## Bakit hindi ako makakaboto para sa mga kandidato ng mga malalaking partido?

Sarado ang mga pangunahing halalan ng mga malalaking partido sa Oregon. Kailangan kang maging miyembro ng isa sa dalawang malaking partido ng Oregon, ang partidong Demokratiko (Democratic) o Republican (Republican), para magnomina ng mga kandidato ng partidong iyon sa Pangkalahatang Halalan. Kung wala sa iyong balota ang mga kandidato ng mga malalaking partido, nangangahulugan ito na hindi ka rehistradong bumoto bilang miyembro ng isang malaking partido. Ang partidong minorya at mga kandidatong hindi kasapi sa isang partidong pampolitika ay makikita sa balota ng Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre, kasama ang mga nominado ng mga malalaking partido. Maaari kang bumoto para sa sinumang kandidato sa iyong balota sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre.

## Paano ko kukumpletuhin ang aking balota?

Kasama sa iyong pakete ng balota ang mga tagubilin kung paano kumpletuhin at ibalik ang iyong balota. Sundin ang mga tagubilin!

## Paano kung nasira ang aking balota?

Kung nawala, nawasak, o nasira ang iyong balota sa paraang pipigil sa iyong makaboto, tawagan ang iyong tanggapan para sa halalang pang-county at humingi ng pamalit na balota.

## Kailangan ko bang bumoto sa lahat ng bagay?

Hindi. Ang iyong balota ay mabibilang pa rin, kahit na hindi ka bumoto sa bawat labanan o panukalang-batas dito.

## Maaari ko bang baguhin kung paano ako bumoto?

Kung naipadala mo na sa koreo o naihulog na ang iyong balota, ang iyong boto ay hindi na maaaring mabago. Kung nasa iyo pa rin ang iyong balota, sundin ang mga tagubiling ipinadala kasama ng iyong balota.

## Paano ko ibabalik ang aking balota?

Maaari mong ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo, hindi na kailangan ng selyo. Kung ipapadala mo sa koreo ang iyong balota, dapat ay mayroon itong USPS na marka ng koreo na may petsa bago mag-**8 p.m.** ng **Mayo 19**.

O ibalik ang iyong balota sa alinmang tanggapan para sa halalang pang-county o opisyal na drop box. Makikita mo ang pinakamalapit na drop box, kasama ang isang mapa kung paano makarating doon, sa **oregonvotes.gov/dropbox** o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa iyong tanggapan para sa halalang pang-county.

Ang mga tanggapan para sa halalang pang-county ay bukas sa Araw ng Halalan mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

## Kailangan ba ang lagayan para sa paglihim ng balota?

Hindi. Kung nakatanggap ka ng lagayan para sa paglihim ng balota, hindi mo kailangang gamitin ito maliban kung gusto mo.

Kung hindi ka nakatanggap ng lagayan para sa paglihim ng balota, ang iyong county ay isa sa marami na naglagay sa sobre para sa pagbalik ng balota ng mga karagdagang tampok na panseguridad na inaprubahan ng Tanggapan ng Kalihim ng Estado at dahil dito hindi na kailangan ng lagayan.

## Kailangan ko bang lagdaan ang aking sobre para sa pagbalik ng balota?

Oo. Ang iyong lagda ay isang hakbang panseguridad na ginagamit upang beripikahin ang iyong pagkakakilanlan. Ikaw lamang ang maaaring lumagda sa iyong sobre para sa pagbalik ng balota. Hindi magagamit sa pagboto ang mga dokumentong Power of Attorney.

Kung hindi mo kayang lumagda, makipag-ugnayan sa iyong tanggapan para sa

halalang pang-county para sa higit pang impormasyon.

Ang iyong balota ay binibilang lamang kung ang lagda sa sobre para sa pagbalik ng balota ay tumugma sa mga lagda sa iyong rekord ng rehistrasyon ng botante.

Kung hindi tumugma ang iyong lagda o nakalimutan mong lagdaan ang sobre, aabisuhan ka ng county. Magkakaroon ka ng hanggang 21 araw pagkatapos ng halalan para patunayan na ikaw ang lumagda sa sobre.

## Kung ang pangalan ko ay nasa sobre para sa pagbalik ng balota, lihim ba talaga ang aking boto?

Oo. Pagkatapos ng pagberipika ng lagda, ang iyong balota ay ihihiwalay sa sobre para sa pagbalik ng balota bago ito bilangin.

## Masusubaybayan ko ba ang aking balota?

Bilang isang rehistradong botante, maaari mong tingnan ang na-update na impormasyon ukol sa balota sa **oregonvotes.gov/myvote**. Maaari mong makita kung ang isang balota ay ipinadala, natanggap, o kung ito ay ibinalik bilang hindi naihatid.

## Kailan malalaman ang mga resulta ng halalan?

Ang mga paunang resulta ay ilalabas simula **8 p.m.** ng **Mayo 19** at patuloy na ia-update sa buong gabi ng halalan at sa mga susunod na araw.

Sa pagitan ng gabi ng halalan at petsa kung kailan nasertipika ang mga resulta ng halalan, magbabago ang iniulat na hindi opisyal na mga resulta sa **oregonvotes.gov** habang nagpapatuloy ang pagbibilang ng mga boto.

Hindi pa pinal ang mga resulta hanggang sa masertipikahan ang halalan at mailathala ang opisyal na rekord ng mga boto. Ang mga pinal na sertipikadong resulta ay lalabas 37 araw pagkatapos ng halalan.

## Kailangan ko ba ng pansamantalang balota?

Kung hindi matiyak na kwalipikado kang bumoto, may karapatan kang humiling ng pansamantalang balota.

Upang makakuha ng pansamantalang balota, pumunta nang personal sa iyong tanggapan para sa halalang pang-county at punan ang isang Form ng Paghiling sa Pansamantalang Balota.

Ang iyong pansamantalang balota ay mabibilang lamang kung ikaw ay natukoy na kwalipikadong bumoto.

## Paano ako magsasampa ng reklamo?

Kung naniniwala kang nalabag ang batas na panghalalan ng Oregon, at isa kang rehistradong botante sa Oregon, maaari mong hilingin sa Dibisyon ng mga Halalan (Elections Division) na magsiyasat. Hindi iimbestigahan ang mga hiling na hindi pinangalanan kung sino ang humiling.

Maaari kang makahanap ng higit na impormasyon at magsumite ng reklamo para sa pag-iimbestiga ng Dibisyon ng mga Halalan (Elections Division) sa sos.oregon.gov/investigation.

vote!

# Mga Resulta ng Halalan

**Tingnan ang mga hindi opisyal na resulta ng halalan** simula 8 p.m. ng Mayo 19.
Patuloy na ia-update ang mga hindi opisyal na resulta sa gabi ng halalan at mga susunod na araw.

Sa pagitan ng gabi ng halalan at petsa kung kailan nasertipika ang mga resulta ng halalan, magbabago ang hindi opisyal na mga resulta habang nagpapatuloy ang pagbibilang ng mga boto.

Ang mga pinal na sertipikadong resulta ay lalabas sa Hunyo 25.

**results.oregonvotes.gov**

# Mga Botanteng may Kapansanan

Para sa mas detalyadong impormasyon sa madaling pagboto, makipag-ugnayan sa **iyong** [tanggapan para sa halalang pang-county.]

## Ano ang iba't ibang paraan para makaboto ako?

- **Balota sa madaling magamit na format**
  Markahan mo ang balotang ito gamit ang anumang computer na may teknolohiyang pantulong sa may kapansanan, i-print at ibalik ito. Maaari mo ring gamitin ang mga nakahandang tablet o computer station na matatagpuan sa bawat tanggapan para sa halalang pang-county.
- **Balotang malalaki ang titik**
- **Humingi ng tulong**

## Sino ang makatutulong sa akin na bumoto gamit ang aking balota?

- **Kahit sino maliban sa iyong tagapag-empleyo o unyon**
  Maaari kang humingi ng tulong mula sa isang kaibigan, miyembro ng pamilya o iba pang pinagkakatiwalaang tao. Sa ilalim ng batas ng Oregon, hindi ka maaaring tumanggap ng tulong mula sa iyong tagapag-empleyo o unyon.
- **Pangkat ng County na Tumutulong sa Pagboto**
  Hindi mo kailangang humingi ng tulong sa isang taong kilala mo. May mga Pangkat ng County na Tumutulong sa Pagboto para tulungan kang bumoto gamit ang iyong balota nang pribado at independiyente.

## Paano kung hindi ko malalagdaan ang aking sobre para sa pagbalik ng balota?

- **Maaari kang gumamit ng isang panatak ng lagda o iba pang puwang para sa pagmarka ng boto bilang lagda mo**
  Kailangan mong kumumpleto ng form para sa pagpapatotoo ng panatak ng lagda kasama ng kard ng rehistrasyon ng botante bago gamitin ang panatak o marka

para lagdaan ang sobre ng iyong balota.

## Anong ibang mga magagamit na mapagkukunan ang available?

➔ **Pamplet para sa mga Botante sa Buong Estado**
Available sa digital audio o maa-akses na text sa **oregonvotes.gov**.

# Alamin ang Iyong mga Karapatan

## May karapatan kang vote!

Kung ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos, nakatira sa Oregon, 18 taong gulang at rehistrado para makaboto.

- ➔ ***May karapatan ka*** sa isang lihim na pagboto. Hindi mo kailangang sabihin kahit kanino kung paano ka bumoto.
- ➔ ***May karapatan kang*** makakuha ng “pansamantalang balota”, kahit na sinabihan kang hindi ka rehistrado para makaboto.
- ➔ ***May karapatan kang*** makakuha ng bagong balota kung nagkamali ka.
- ➔ ***May karapatan kang*** bumoto para sa taong gusto mo. Maaari mong isulat ang pangalan ng ibang tao kung hindi mo gusto ang mga pagpipilian sa iyong balota.
- ➔ ***May karapatan kang*** bumoto ng “yes” (oo) o “no” (hindi) sa anumang isyu sa iyong balota.
- ➔ ***May karapatan kang*** iwanang blangko ang ilang pagpipilian sa iyong balota. Ang mga pagpipilian na iyong mamarkahan ay mabibilang pa rin.
- ➔ ***May karapatan kang*** gumamit ng sistema ng pagboto para sa lahat ng Pederal na Halalan na ginagawang posibleng pantay para sa mga taong may kapansanan na bumoto nang pribado at independiyente.
- ➔ ***May karapatan kang*** malaman kung ang iyong balota, kabilang ang isang “pansamantalang balota”, ay tinanggap para mabilang.
- ➔ ***May karapatan kang*** magsampa ng reklamo kung sa tingin mo ay tinanggihan ang iyong mga karapatang bumoto.
- ➔ ***May karapatan kang*** bumoto o magsumite ng iyong balota kung ikaw ay nakapila pagsapit ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan.
- ➔ ***May karapatan kang*** malaman kung rehistrado ka para makaboto.
- ➔ ***May karapatan kang*** pumili kung gusto mong mag-rehistro bilang miyembro ng isang partidong pampolitika.
- ➔ ***May karapatan kang*** gumamit ng panatak ng lagda o iba pang marka ngunit kailangan mo munang punan ang isang form. Walang maaaring lumagda para sa

iyo.

➔ ***May karapatan kang*** humingi ng tulong sa mga kawani ng halalan o sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya. Mayroong ilang tao na hindi maaaring tumulong sa iyo na bumoto, halimbawa, ang iyong boss o unyon.

➔ ***May karapatan kang*** bumoto kahit na wala kang tirahan.

➔ ***May karapatan kang*** bumoto kung nahatulan ka ng isang mabigat na krimen ngunit nakalaya mula sa kustodiya, kahit na ikaw ay nasa probasyon o parole.

➔ ***May karapatan kang*** bumoto kahit na mayroon kang tagapag-alaga at kahit na kailangan mo ng tulong sa pagbabasa o pagsasagot ng iyong balota.

## Para sa higit pang impormasyon

**1 866 673 8683**
*se habla español*

**TTY** **1 800 735 2900**
*para sa mga may kapansanan sa pandinig*

*(Konstitusyon ng Oregon, Seksyon 2 at 3; ORS Chapters 137, 246, 247, at 254; Manwal sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo; 2002 na Batas na Help America Vote; OAR 165-001-0090 at 165-007-0030)*

# Impormasyon ukol sa Kandidato at Panukalang-Batas

## Mga Kandidato

Inaatas ng kasulatang batas ng Oregon (ORS 254.155) sa Kalihim ng Estado na magkumpleto ng isang sapalarang pagkakasunod-sunod ng mga titik ng alpabeto upang matukoy ang pagkakasunod-sunod na paglitaw ng mga pangalan ng mga kandidato sa balota.

Ang alpabeto para sa **Pangunahing Halalan sa 2026** ay:

G, A, K, I, O, B, C, H, D, V, M, N, P, L, J, X, Z, S, R, E, W, F, Q, Y, U, T

Ang mga pahayag tungkol sa kandidato na kasama sa pamplet ay nakahiwa-hiwalay ayon sa uri at posisyon ng katungkulan at nakaayos pa sa parehong sapalarang pagkakasunod-sunod kung paano nakalathala ang mga pangalan ng mga kandidato sa balota. Sa pamplet ng Pangunahing Halalan, ang mga pahayag tungkol sa kandidatong makapartido ay higit pang pinaghiwa-hiwalay ayon sa mga partidong pampolitika.

Ang mga pahayag ay isinaayos sa sumusunod na paraan:

- ➔ Mga kandidatong Demokratiko (Democratic) ayon sa posisyon sa pagkakasunod-sunod sa balota
- ➔ Mga kandidatong Republican (Republican) ayon sa posisyon sa pagkakasunod-sunod sa balota
- ➔ mga kandidatong walang kinikilingan ayon sa posisyon sa pagkakasunod-sunod sa balota

Ang mga kandidato ay nagbibigay ng bayad, o nagsusumite ng mga lagda bilang kapalit ng bayad, para sa espasyo sa Pamplet para sa mga Botante ng Estado. Ang impormasyong iniaatas ng batas—na nauukol sa trabaho, karanasan sa trabaho, background sa edukasyon at dating karanasan sa gobyerno—ay sinertipika na totoo ng bawat kandidato.

## Mga Panukalang-Batas

Ang mga panukalang-batas ay mga iminumungkahing pagbabago sa Konstitusyon ng Oregon o sa mga batas ng estado. Para sa panukalang-batas sa isinaling Pamplet para sa mga Botante, makikita mo ang sumusunod na impormasyon:

1. Ang pamagat ng balota;

2. Ang pagtatantya ng epekto sa pananalapi;
3. Ang pagpapaliwanag na pahayag; at
4. Isinaling mga pangangatwirang inihain ng mga tagataguyod at kalaban ng panukalang-batas, kung mayroon man.

Ang kumpletong teksto ng mga iminumungkahing panukalang-batas ay makikita lamang sa Pamplet para sa mga Botante sa Wikang Ingles.

Pamagat ng Balota

Ang pamagat ng balota ay binalangkas ng tanggapan ng Abugadong Panlahat at ipinamahagi sa mga interesadong partido para sa pampublikong komento. Pagkatapos suriin ang anumang komentong isinumite, ang isang pamagat ng balota ay sinesertipika ng tanggapan ng Abugadong Panlahat. Ang sertipikadong pamagat ng balota ay posibleng iapela at maaaring baguhin ng Korte Suprema ng Oregon.

Pagtatantya ng Epekto sa Pananalapi

Isang espesyal na komite ng mga mambabatas ang nagbalangkas ng mga Pahayag tungkol sa Epekto sa Pananalapi para sa Panukalang-Batas 120. Paghirang ng Komite alinsunod sa SB 1599 (2026).

Kumpletong Teksto ng Panukalang-Batas

Nakasaad dito ang mga aktwal na pagbabagong gagawin ng panukalang-batas sa konstitusyon ng Oregon o sa mga batas ng estado. Ang kumpletong teksto ng mga panukalang-batas ay makikita lamang sa Pamplet para sa mga Botante sa Wikang Ingles.

Pagpapaliwanag na Pahayag

Isang espesyal na komite ng mga mambabatas ang nagbalangkas ng mga Pagpapaliwanag na Pahayag para sa Panukalang-Batas 120. Paghirang ng Komite alinsunod sa SB 1599 (2026).

## Mga Tungkulin at Pananagutan ng mga Precinct Committee Person

Ang mga Precinct Committee Person (Precinct Committeepersons PCP) ay humihikayat ng pagrehistro ng botante, bumoboto sa opisyal na gawain ng partido, naghahalal ng pamunuan ng partidong pang-county at nagnonomina ng mga Kinatawan ng Estado o Senador ng Estado kapag may bakante sa isa sa mga katungkulang iyon.

Pinahihintulutan lamang ang mga PCP para sa mga malalaking partidong pampolitika. Parehong pinili ng Partidong Demokratiko (Democratic Party) ng Oregon at ng

Partidong Republican (Republican Party) ng Oregon na maghalal ng mga PCP.

Naglalaan ng ilang PCP sa bawat presinto batay sa bilang ng mga rehistradong botante sa presinto. Ang mga indibidwal ay maaari lamang maghain para sa (o maglingkod sa) isang presinto sa bawat pagkakataon. Gayumpaman, maaaring piliin ng mga kandidato ng PCP kung gusto nilang maghain para maglingkod sa presinto kung saan sila nakatira o sa katabing presinto na nasa parehong county at parehong distrito ng kinatawan ng estado gaya ng presintong tinitirhan ng kandidato.

Alamin ang higit pang impormasyon sa **oregonvotes.gov**.

## Mga Pagtatatwa

**Ang impormasyong ibinigay sa mga pahayag o pangangatwiran ng isang kandidato o isang taong sumusuporta o sumasalungat sa isang panukalang-batas ay hindi pa nabeberipika para sa katumpakan ng Kalihim ng Estado.**

Maaaring piliin ng mga kandidato na hindi magsumite ng pahayag na isasama sa pamplet para sa mga botante.

Ang kumpletong listahan ng mga pederal at pang-estado na kandidato na inihain para sa Pangunahing Halalan sa Mayo 19, 2026 ay itinala ng Kalihim ng Estado sa Pamplet para sa mga Botante ng Estado sa Wikang Ingles. Ang mga kandidato para sa county at lokal na pamahalaan ay nakalista sa Pamplet para sa mga Botante ng Estado sa Wikang Ingles kung kwalipikadong makita ang mga katungkulang iyon sa pamplet. Maaaring kasama sa balotang matatanggap mo ang mga lokal na kandidato at mga panukalang-batas na wala sa pamplet na ito.

**Hindi kinakailangang magsumite ang mga kandidato ng mga pahayag na isasama sa pamplet para sa mga botante.**

**Nakalimbag ang mga deklarasyon at pahayag ukol sa panukalang-batas tulad ng naisumite.**

Hindi sinusuri ng Kalihim ng Estado ang impormasyong isinumite ng mga kandidato at taga-file ng pahayag ukol sa panukalang-batas. Hindi iwinawasto ang hindi tumpak o maling impormasyon.

# Impormasyon sa Rehistrasyon ng Botante

## Sino ang maaaring mag-rehistro para makaboto?

Para mag-rehistro dapat kang:

- ➔ Isang mamamayan ng U.S.
- ➔ Isang residente ng Oregon
- ➔ Hindi bababa sa 16 na taong gulang

Kung wala ka pang 18 taong gulang, hindi ka makatatanggap ng balota hanggang sa magkaroon ng halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.

## Paano ako mag-rehistro para makaboto?

Mag-rehistro para makaboto

- ➔ Online sa **oregonvotes.gov/register**
- ➔ Sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo ng iyong nakumpletong kard ng rehistrasyon sa iyong tanggapan para sa halalang pang-county.
- ➔ Sa pamamagitan ng personal na pagkumpleto ng kard ng rehistrasyon sa alinmang tanggappan para sa halalang pang-county, sa Tanggapan ng Kalihim ng Estado, at ilang ahensya ng estado gaya ng DMV.

## Kailangan ko bang i-update ang aking rehistrasyon?

I-update ang iyong rehistrasyon kung lumipat ka ng tirahan, nagbago ng iyong pangalan, lagda o address para sa koreo, o gustong baguhin o pumili ng partidong pampolitika.

Maaari kang magbigay ng bagong impormasyon online sa **oregonvotes.gov/myvote** o sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsasauli ng kard ng rehistrasyon ng botante sa iyong opisyal sa halalang pang-county.

## Kailangan ko bang magpakita ng I.D.?

Dapat mong ibigay ang iyong balidong numero ng Lisensya sa Pagmamaneho sa Oregon, Permit, o ID kung mayroon ka nito.

Kung wala kang balidong Oregon ID, ibigay ang huling apat na numero ng iyong Social Security.

Kung wala kang balidong Oregon ID o Social Security number, makikita mo ang isang listahan ng tinatanggap na alternatibong pagkakakilanlan online sa **oregonvotes.gov**.

## Ano ang huling araw para mag-rehistro?

Para makaboto sa Pangunahing Halalan sa **Mayo 19, 2026**, ang iyong nakumpletong kard ng rehistrasyon ay dapat na:

- namarkahan ng koreo pagsapit ng Martes, **Abril 28**; o
- inihatid sa isang tanggapan para sa halalang pang-county, sa tanggapan ng Kalihim ng Estado o ahensya para sa rehistrasyon ng botante (hal., DMV) pagsapit ng Martes, **Abril 28**.

Kung mag-rehistro ka para makaboto online, ang iyong rehistrasyon ay dapat na naisumite pagsapit ng 11:59 p.m. ng **Abril 28**.

## Kailangan ko bang pumili ng partidong pampolitika?

Hindi. Kung hindi ka pipili ng partidong pampolitika, makatatanggap ka pa rin ng balota para sa bawat halalang kwalipikado kang bumoto, kabilang ang Pangunahing Halalan. Gayumpaman, kasama lamang sa balota mo ay mga katungkulang walang kinikilingan at mga panukalang-batas, kung mayroon man. Makikita ang lahat ng katungkulan sa iyong balota para sa Pangkalahatang Halalan.

## Programa sa Pagiging Kumpidensiyal ng Address

Ang Programa sa Pagiging Kumpidensiyal ng Address (Address Confidentiality Program, ACP) ay nagbibigay sa mga kalahok ng legal na kapalit na address at serbisyo para sa pagpapadala sa koreo. Ang mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan, pang-aabusong sekswal, paniniktik o pangangalakal ng tao ay binibigyan ng kapalit na address na gagamitin sa mga pampublikong talaan sa halip na kanilang tunay na address.

Ang mga indibidwal na maaaring malagay sa pangahib ang personal na kaligtasan o kaligtasan ng pamilya kung makikita ang kanilang address ng tirahan sa isang pampublikong talaan ay maaaring mag-rehistro para makaboto nang may mga proteksyon sa pagiging kumpidensiyal sa pamamagitan ng pag-apply sa Programa sa Pagiging Kumpidensiyal ng Address (ACP).

Para mag-apply sa Programa sa Pagiging Kumpidensiyal ng Address, dapat kang

makipagtulungan sa isang tagapagtaguyod ng mga biktima na itinalaga ng Abugadong Panlahat bilang Katulong sa Aplikasyon. Para sa higit pang impormasyon o para makahanap ng Katulong sa Aplikasyon na malapit sa iyo, tumawag sa **888-559-9090** o pumunta sa **https://www.doj.state.or.us/acp**.

Ang mismong paglahok sa ACP ay hindi ginagarantiyahan ang kaligtasan ng sinuman. Ang kawani ng ACP ay hindi nagbibigay ng pagsusuri sa panganib o pagpaplano para sa kaligtasan at hindi pinapayagang mag-alok ng legal na payo.

**Upang mag-rehistro para makaboto o mag-update ng iyong rehistrasyon, ibalik ang Kard ng Rehistrasyon ng Botante sa pamamagitan ng koreo, ihatid ito sa iyong Tanggapan para sa Halalang Pang-county, o gamitin ang mga online na mapagkukunan para sa rehistrasyon ng botante sa: oregonvotes.gov/register.**

# Mga Makapartidong Kandidato

## Senador ng Estados Unidos

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-1 Distrito

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-2 Distrito

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-3 Distrito

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-4 na Distrito

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

### Stefan Galen Strek

Republikano

Hanapbuhay: Mag-aaral, Kapansanan
Background sa Hanapbuhay: Serbisyo sa Pagkain, Cashier, Processor ng Tulong Pinansyal Background sa Edukasyon:
Southern Oregon University, MBA (kasalukuyang ginagawa), Marketing, Finance, Analytics University of Oregon: BA, Sining-Pagpipinta
University of Caen: CIT-Pranses
Lane Community College: AAoT-
Sining SEHS: CAM Negosyo-
Pamahalaan
Nakaraang Karanasan sa Gobyerno: Wala Pagbubunyag: Ang pahayag na ito ay nagkakahalaga ng 2,500.00 USD, nakakakuha kami ng 325 salita,
Ang mga salita sa itaas na header ay binibilang sa limitasyon.
(Ang pagsasalin ay dapat sumunod sa parehong impormasyon na ipinakita sa bersyon sa Ingles, na may mahigpit na limitasyon ng 325 salita, at ang mga salita sa itaas ay binibilang sa limitasyong iyon, at ipinapaliwanag ang gastos ng bayad sa pag-file ng pamphlet ng botante ng kandidato sa 2,500.00 USD.)
Mangyaring bisitahin ang aking website para sa mga update.
www.Vote4Strek.com
May pagkakaiba sa pagiging pinakamahusay,
At pagiging pinakamahusay na maaari mong maging.
Sinusubukan ko lamang na maging pinakamahusay na bersyon ng aking sarili,
Nakikipagkumpitensya lamang sa lalaking ako kahapon.
Filipenses 4:13 “Lahat ay kaya kong gawin sa pamamagitan Niya na nagbibigay sa akin ng lakas”.
10 taon na ang nakalilipas, pumasok ako sa pulitika upang itaas ang kamalayan, at itinaas ko ang aking sariling kamalayan.
Bawat henerasyon ay nahaharap sa natatanging hamon at tagumpay.
Hindi ka ang iyong trabaho, ni kung gaano karaming pera ang mayroon ka sa

bangko. Hindi ka ang sasakyang iyong minamaneho, o ang laman ng iyong pitaka.
Eclesiastes 3:1 “Para sa lahat ay may takdang oras;
…para sa bawat layunin sa ilalim ng Langit.”
Sa paglaki, nanood ako ng klasikong Amerikanong palabas sa TV, “Gilligan’s Island”, “The Green Hornet”, “The Incredible Hulk”, “Batman (Adam West version)”, “The Beverly
Hillbillies”…
Mga henerasyon ng mga Amerikano ay pinalaki na maniwala na maaari tayong maging anumang bagay,
Mga bituin sa pelikula, Mga bayani sa musika, Milyonaryo at
Bilyonaryo… Isaias 61:1-4 “…Sila ay magre-renew ng mga nasirang lungsod…”
Pagkatapos pumasok sa pulitika, tinanggal ako sa aking trabaho dahil sa kapansanan.

Nagkonsulta ako ng abogado at naghanap ng kabayaran.
Hindi ako nasiyahan sa pera, kaya tumakbo ako para sa Kongreso.
Mangyari pa, Hayaan Mo Akong Makipaglaban Para sa Iyong Mga
Karapatan! Aking Mga Prayoridad:
Mabubuting tao, na nagsusumikap upang maging pantay, na hindi kayang bayaran na mapabilang sa balotang ito.
Ayusin ang American Healthcare, ibalik ang mga desisyon sa pagitan Mo at iyong Doktor. Protektahan ang mga Tahanan, Pamilya at Rural na Lupaing Bukid
Dapat ang Kongreso:
Alisin ang mga hadlang pinansyal at logistical mula sa prosesong
pampulitika. Tax-incentivize ang “Direct Primary Care” Healthcare.
Pasimplehin ang Mga Benepisyo sa Kapansanan ng mga Beterano
Protektahan ang Mga Negosyo, Paaralan, Relihiyon at Karapatan sa
Baril Imbestigahan ang Mga Krimen sa Covid-19
www.Vote4Strek.com
StrekCampaign@gmail.com
Telepono: 541-972-2963

*Ibinigay ng Stefan Galen Strek.*

*Ang pagsasaling ito ay ibinigay ng kandidato at naberipikang tumutupad sa ORS 251.055 ng tanggapan ng Kalihim ng Estado.*

## Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-5 Distrito

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-6 na Distrito

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

# Gobernador

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## David Medina

Republikano

**WAKASAN ANG KORAPSYON SA GOBYERNO**

Ang Oregon ay nasa krisis. Bilang Gobernador, maglulunsad ako ng isang DOGE-style na audit sa bawat antas ng gobyerno upang puksain ang pandaraya, pag-aaksaya, at korapsyon. Kung walang ganap na transparency, ang mga problema ng Oregon ay hindi malulutas. Hindi ako makikipaglaro sa pulitika.
Gagawin ko ang tama upang panagutin ang mga tao!

**UNAHIN ANG MGA MAMAMAYAN NG OREGON**

Habang inuuna ng mga establishment na pulitiko ang mga ilegal na dayuhan at mga espesyal na interes, uunahin ko KAYO. Ibi-veto ko ang bawat panukalang batas na nabibigong magbigay ng prayoridad sa ating mga mamamayan. Tatapusin natin ang maaksayang paggastos na nagpapabagsak sa ating estado. Ibabalik natin ang Common Sense sa Oregon.

**IBALIK ANG KADAKILAAN NG OREGON**

Ang Oregon ay dapat na maging huwaran sa edukasyon, kaligtasan, negosyo, at abot-kayang pamumuhay, ngunit ang mga kasalukuyang patakaran ay sumisira sa ating mga lungsod at mga komunidad sa kanayunan, na nagtataboy sa mga pamilya at negosyo palabas ng ating estado. Matatapos ito kapag ako na ang Gobernador.

**Gagawin namin ang mga sumusunod:**

- I-exempt ang mga property tax para sa mga senior, beterano, at mga may kapansanan.
- I-repeal ang Estate Tax.
- Ibalik ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagsuporta sa pagpapatupad ng batas, pagtatapos sa Sanctuary State, at pagpapatupad ng mandatoryong

paggamot para sa krisis sa droga at kawalan ng tirahan.
- Alisin ang CAT tax upang maibalik ang mga negosyo at trabaho sa Oregon.
- Ipagtanggol ang Medical Freedom at protektahan ang mga karapatan ng mga magulang.
- I-audit ang ODOT upang ilipat ang pondo ng DEI patungo sa pag-aayos ng ating mga sirang kalsada, tulay, at imprastraktura.
- Gumamit ng mga modernong kasanayan sa panggugubat upang maiwasan ang mga wildfire at muling itayo ang mga lokal na ekonomiya.
- Suportahan ang School Choice upang matiyak na ang mga dolyar ng buwis ay sumusunod sa estudyante, hindi sa sistema.
- Ibaba ang mga gastusin sa pamamagitan ng pag-repeal sa mga pekeng regulasyon sa klima at pagbabawas ng mga bayarin sa utility.
- Bawasan ang mga income tax para sa mga pamilya upang muling maging abot-kaya ang pamumuhay sa Oregon.

**IBOTO SI DAVID MEDINA PARA SA GOBERNADOR**

Ang Oregon ay pag-aari ng mga tao, hindi ng mga pulitiko. Ako ay isang lifelong Oregonian, ama, at isang taong may pananampalataya na **Saved by Jesus Christ.** Hindi ako nabibili, hindi ako natatakot, at handa akong lumaban para sa ating kinabukasan. **Let’s Go Oregon!**

www.medinafororegon.com

*Ibinigay ng David Medina For Oregon - PAC ID: 24670.*

*Ang pagsasaling ito ay ibinigay ng kandidato at naberipikang tumutupad sa ORS 251.055 ng tanggapan ng Kalihim ng Estado.*

# Walang Kinikilingan na Kandidato

## Komisyonado ng Kawanihan ng Paggawa at Industriya

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Hukom ng Korte Suprema ng, Ika-apat na Posisyon

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Hukom ng Hukuman ng Pag-aapela, Unang Posisyon

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Hukom ng Hukuman ng Pag-aapela, Ika-siyam na Posisyon

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Hukom ng Hukuman ng Pag-aapela, Ikalabing-dalawang Posisyon

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

## Hukom ng Hukuman ng Pag-aapela, Ikalabing-tatlong Posisyon

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

Utos para sa Referendum sa pamamagitan ng Petisyon ng Sambayanan

# Panukalang-Batas 120

Pagtaas ng buwis sa petrolyo, mga bayad sa rehistrasyon/titulo para sa mga kalsada, buwis sa sahod para sa mga serbisyo ng pampublikong transportasyon

**Resulta ng Botong “Yes" (Oo):**

Sa botong “Yes” (Oo), tataas ang mga buwis sa petrolyo, ilang partikular na bayad sa rehistrasyon/titulo ng sasakyan para sa pang-estado, lokal na konstruksyon, pagpapanatili, at mga pagpapabuti ng kalsada; tataas ang buwis sa sahod para sa mga serbisyo ng pampublikong transportasyon.

**Resulta ng Botong "No" (Hindi):**

Sa botong “No” (Hindi), pananatilihin sa 40 sentimo kada galon ang buwis sa petrolyo, tinatanggihan ang pagtaas sa mga bayad sa rehistrasyon at titulo ng sasakyan, buwis sa sahod para sa mga serbisyo ng pampublikong transportasyon.

**Buod:**
Sa pamamagitan ng panukalang-batas, tataas ang mga buwis sa petrolyo ng mga sasakyang de-motor at mga alternatibong petrolyo ng 6 na sentimo kada galon; tataas ang mga taunang bayad sa rehistrasyon mula $43 patungong $85 para sa mga pampasaherong sasakyan; mula $63 patungong $105 para sa mga utility at light trailer, sasakyang mabagal ang takbo at sasakyang de-kuryente na katamtaman ang bilis; mula $44 patungong $86 para sa mga moped at motorsiklo. Sa pamamagitan ng panukalang-batas, tataas ang mga bayad sa titulo ng pampasaherong sasakyan mula $77 patungong $216. Mga kita mula sa pagtaas ng buwis/bayad na nakalaan: 50% para sa Kagawaran ng Transportasyon (Department of Transportation), 30% para sa mga county, 20% para sa mga lungsod. Mga kitang ginagamit para sa paggawa, pagpapanatili, at mga pagpapabuti ng mga pang-estado at lokal na kalsada. Sa pamamagitan ng panukalang-batas, tataas ang buwis sa sahod para sa mga serbisyo ng pampublikong transportasyon na magiging dalawang-ikasampu ng isang porsyento; ipatutupad sa sahod ng empleyado na residente ng estado, saan man isinasagawa ang mga serbisyo, o hindi residente para sa mga serbisyong isinasagawa sa estadong ito.

**Pagtatantya ng Epekto sa Pananalapi**

Ang botong ‘Yes’ (Oo) sa panukalang-batas ay may mga sumusunod na epekto.

Para sa 2027 hanggang 2035 na mga Taong Pananalapi, ang mga malilikom na buwis sa petrolyo ay tataas ng may taunang average na $104 na milyon, ang kita mula sa bayad sa rehistrasyon ay tataas ng may taunang average na $157 milyon, at ang kita mula sa bayad sa titulo ay tataas ng may taunang average na $130 milyon. Ang mga

pagtaas ng kita ay magdudulot ng mga karagdagang taunang alokasyon na $196 na milyon sa estado, $117 milyon sa mga county, at $78 milyon sa mga lungsod.

Ang mga koleksyon ng buwis sa suweldo at mga gastusin sa serbisyo ng pampublikong transportasyon ay tataas ng $118 milyon sa 2027 na Taong Pananalapi at $124 milyon sa 2028 na Taong Pananalapi.

| **Mga Miyembro ng Komite** | **Inatasan ng:** |
|---|---|
| Senador Kayse Jama, Kasamang Tagapangulo | Presidente ng Senado |
| Kinatawan David Gomberg, Kasamang Tagapangulo | Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan |
| Senador Khanh Pham | Presidente ng Senado |
| Senador Bruce Starr* | Presidente ng Senado |
| Kinatawan Shelly Boshart Davis* | Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan |
| Kinatawan Ben Bowman | Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan |
| Kinatawan Willy Chotzen | Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan |
| Kinatawan Lucetta Elmer* | Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan |

* Hindi sumasang-ayon ang miyembro (hindi sumasang-ayon sa pahayag tungkol sa epekto sa pananalapi)

*(Ang pagtatantya ng epekto sa pananalapi ay ibinigay ng komiteng nabanggit sa itaas alinsunod sa SB 1599.)*

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Inaamyendayan ng Panukalang-Batas sa Balota 120 ang mga batas ng Oregon upang taasan ang buwis sa petrolyo, mga bayad sa rehistrasyon ng sasakyan at bayad sa titulo at pansamantalang taasan ang buwis sa suweldo na ginagamit para sa pampublikong transportasyon.

Sa ilalim ng kasalukuyang batas at ng Konstitusyon ng Oregon, ipinapataw ang mga buwis sa petrolyo ng estado at mga singil sa rehistrasyon para sa pagbabayad ng mga highway, tulay, at mga lugar ng pahingahan sa tabi ng kalsada sa Oregon. Ang mga buwis sa suweldo, pamasahe, at iba pang pondo ay ginagamit para sa pagbabayad ng pampublikong transportasyon. Sa kasalukuyan, ang buwis sa suweldo ay ipinapataw sa rate na ikasampung bahagi ng isang porsyento. Ang buwis sa suweldo ay ipinatutupad sa sahod ng isang empleyadong residente ng estadong ito, saan man isinasagawa ang mga serbisyo, o ng isang empleyadong hindi residente ng estadong ito, para sa mga serbisyong isinasagawa sa estadong ito. Ang kita mula sa buwis sa suweldo ay ibinibigay sa mga ahensya ng pampublikong transportasyon sa buong estado upang makapaglaan ng pampublikong transportasyon, tulad ng serbisyo ng bus.

Pinagtibay ng Lehislatibong Kapulungan ang House Bill 3991 sa isang espesyal na sesyon noong 2025. Bukod sa iba pang mga bagay, ang panukalang-batas ay magdudulot ng pagtaas sa mga buwis sa petrolyo ng sasakyan at ilang mga bayad sa rehistrasyon at titulo ng sasakyan. Inaatasan ng House Bill 3991 ang mga may-ari ng mga sasakyang de-kuryente at hybrid na magbayad ng flat fee o fee kada milya para sa bawat milyang tinakbo; ipinatutupad nito ang mga karagdagang panukalang-batas sa pananagutan para sa Kagawaran ng Transportasyon (Department of Transportation); inaalis nito ang kasalukuyang teksto ng batas na nag-aatas ng paniningil ng toll para sa ilang proyekto sa highway; at pinasisimple ang sistemang "weight-mile" (“nakabatay sa bigat at layo ng biyahe”) ng estado kaugnay ng pagbubuwis sa mga mabibigat na trak. Nakatakda sa panukalang-batas na ang bagong pondo mula sa pagtataas ng buwis sa petrolyo, mga bayad sa rehistrasyon, at mga bayad sa titulo ay paghahatian ng Kagawaran ng Transportasyon (Department of Transportation), mga county, at mga lungsod. Ang mga lungsod at county na may mas maliliit na mga populasyon ay partikular na makatatanggap ng mas malaking pondo kaysa sa kasalukuyan nilang natatanggap, at ang ahensya ng estado na may pananagutan sa karamihan ng mga pahingahan sa tabi ng kalsada sa estado ay makatatanggap ng karagdagang pondo upang ayusin at panatilihin ang mga pahingahan sa tabi ng mga highway.

Ang mga nagpetisyon ay nakakalap ng sapat na mga pirma upang gamitin ang karapatan sa referendum para hilingin sa mga botante na aprubahan o tanggihan ang ilang mga pagtaas ng buwis sa petrolyo, mga bayad sa rehistrasyon at titulo ng sasakyan, at mga buwis sa suweldo, gaya ng nakasaad sa Panukalang-Batas sa Balota 120. Sa pamamagitan ng Panukalang-Batas sa Balota 120, tataas ang buwis sa petrolyo ng estado ng 46 na sentimo at tataas ang mga bayad sa rehistrasyon ng sasakyan ng $42 para sa mga pampasaherong sasakyan, utility at light trailer, sasakyang mabagal ang takbo, moped at motorsiklo. Sa pamamagitan ng Panukalang-Batas sa Balota 120, tataas ng $139 ang bayad sa titulo para sa mga pampasaherong sasakyan.

Ang panukalang-batas ay magdudulot rin ng pansamantalang pagtaas ng buwis sa suweldo para sa pampublikong transportasyon. Ang mga ahensya ng pampublikong transportasyon ay makatatanggap ng dagdag na pondo mula sa pansamantalang pagtaas ng mga buwis sa suweldo. Nakatakda sa panukalang-batas na tataas ang rate ng buwis na magiging dalawang-ikasampu ng isang porsyento (0.2%) hanggang Enero 1, 2028. Simula Enero 1, 2028, babalik sa ikasampung bahagi ng isang porsyento ang rate ng buwis sa suweldo.

Kung hindi maaprubahan ng mga botante ang Panukalang-Batas sa Balota 120, mananatili sa kasalukuyang mga antas ang mga buwis sa petrolyo, mga bayad sa rehistrasyon at mga bayad sa titulo. Gayundin, ang buwis sa suweldo para sa mga serbisyo ng pampublikong transportasyon ay mananatili sa kasalukuyang antas nito.

| Mga Miyembro ng Komite | Inatasan ng: |
|---|---|
| Senador Kayse Jama, Kasamang Tagapangulo | Presidente ng Senado |
| Kinatawan David Gomberg, Kasamang Tagapangulo | Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan |
| Senador Khanh Pham | Presidente ng Senado |
| Senador Bruce Starr* | Presidente ng Senado |
| Kinatawan Shelly Boshart Davis* | Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan |
| Kinatawan Ben Bowman | Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan |
| Kinatawan Willy Chotzen | Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan |
| Kinatawan Lucetta Elmer* | Tagapagsalita ng Kongreso o Kapulungan |

* Hindi sumasang-ayon ang miyembro (hindi sumasang-ayon sa pagpapaliwanag na pahayag)

*(Ang komiteng nabanggit sa itaas ay inatasang magbigay ng walang pinapanigang paliwanag hinggil sa panukalang-batas sa balota alinsunod sa SB 1599.)*

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, ang mga naghahain ng pahayag bilang suporta o pagtutol sa mga panukalang-batas ng estado ay may opsyon na magsumite ng pagsasalin ng kanilang pangangatwiran. Hindi lahat ng naghahain ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pangangatwiran sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.